

Ang Mekanismo ng *Wave* at Ang Proseso ng *Koineization* sa Pagsasanib ng Wikang Sebuwano-Mindanawon at Wikang Tagalog Tungo sa Bagong Varayti ng Filipino

KRISTINE H. ARON

ABSTRAK

Layunin ng pag-aaral na ito na makabuo ng isang malinaw na prinsipyong makatutulong sa pagpapaliwanag at pagpapatibay sa paglitaw ng bagong varayti mula sa pagsasanib ng wikang Sebuwano-Mindanawon at wikang Tagalog na maituturing na Filipino varayti ng mga Mindanawon. Layunin din nitung mailampok ang bagong varayti tungo sa euhorasyon ng wikang Filipino. Samakatuwid, liningnan sa pag-aaral ang mga salitang nagkaroon ng *koineization* kapag ang nagsasalita ay isang Sebuwano-Mindanawon ispiker na ang kausap ay isa namang Tagalog ispiker. Ang pagtuha ng mga impormasyon at datos ay batay sa pakikipanayam sa mga gradwadong estudyante na nakatira sa Sanggumay Residence Hall na nag-aaral sa UP-Diliman.

Ang teoryang ginamit sa pag-aaral ay ang teoryang ginamit ni Peter Trudgill (1986) na lapit na *Koineization* at *wave model theory* na isang lapit etnolohikal ni J. Schmidt na kumikilala sa gradwal na pagbabago ng wika sa pamamagitan ng pagtingin sa kaugalian at pinagmulan ng lehi ng isang tao o grupo sanhi ng palagian at madalas na pag-uusap.

Napatunayan na ang mga salitang lumitaw sa pakikipagtalastasan ay maituturing na varayti ng Filipino ng Mindanao na may bagong anyo subalit nananatili pa rin ang kahulugan lalo na ang terminang kultural. Nagsupling naman ng mga bagong ideya ang ibang nabuong varayti batay sa gamit nito sa kasalukuyang panahon. Patunay lamang na dumaan ito sa prosesong *Koineization* tulad ng paghahalo (*mixing*), pag-aantas (*levelling*) at pagpapagaan (*simplification*) na nakatulong upang ipalaganap at itanghal ang wikang pambansang Filipino sa pagbabagong panahon.

ARON is a faculty member of the Filipino Department and Other Languages, CASS, MSU-IIT.

PANIMULA

Binubuo ng iba-ibang etnolinggwistikong grupo ang Mindanao. Tulad ng mga Muslim at Lumad gaya ng B'laan, Mandaya, Mansaka, Mamanwa, Meranaw, Maguindanaon, Iranun, T'boli ng Timog Cotabato, Arumanen-Manobo ng Hilagang Cotabato, Badjao, Davaoeño, Zamboangeño, Higanon, Kagayanon at mga kultural na grupo mula sa Bukidnon tulad ng Manobo, Bukidnon, Higaonon, Matigsalug, Talaandig, Tigwahanon at Umayamnon. Makikita rin ang mga dayong mula sa Kabisayaan gaya ng mga Cebuano, Boholano, Ilonggo at maging mula sa Luzon. Magkagayon, multi-kultural na lipunan ang kapuluhan ng Mindanao at malinaw na may iba't ibang varayti ng wikang ginagamit. Bagaman wikang Sebuwano ang linggwa franka ng lalawigan subalit hindi maikakaila na may baryasyon ito sa wikang purong Sebuwano ng Cebu tulad ng Sebuwano-Iligan, Sebuwano-Cagayan de Oro, Sebuwano-Ozamis, Sebuwano-Butuan, Sebuwano-Bukidnon at iba pa. Ang wikang Cebuano batay sa artikulo nina Alvarado at kasamahan (2018:16) ay tinatawag ding Sebuano o Sugbuhanon. Ang wikang ito ay mula sa Indonesian subgroup na galing sa Austronesian na pamilya ng mga wika na dating tinatawag na Malayo-Polynesian na isa sa pinakamalaking grupo ng mga wika sa mundo (Bacalla, 2020:66). Kung kaya mas lalong mapapansin ang baryasyong ito kung ang nagsasalita ay gumagamit ng pangalawang wika tulad ng wikang Filipino sapagkat nagkakaroon ng mas malinaw na baryasyon. Naikakabit ng nagsasalita o ng gumagamit ng wika ang mga panlapi nito sa kanyang *home language* kapag ginagamit ang pangalawang wika (Filipino) na hindi nalalaman. Sang-ayon sa pahayag ni Ocampo (2012:18) na dapat tandaan na ang bawat wika ay magkakaroon ng mahigit isang varayti, lalo na sa anyong pasalita at ang pagkakaiba-ibang ito ay napakahalaga at kinikilalang bahagi ng pang-araw-araw na paggamit ng wika sa iba't ibang komunidad na rehiyonal at panlipunan.

Magkakaugnay ang mga wika sa Pilipinas at ang pag-uugnayang ito ay dumadaan sa proseso ng baryasyon na nakabubuo ng tiyak na varayti ng wika dahil sa iba't ibang salik panlipunan. Ang pagkakaroon ng varayti ng anumang wika ay isang realidad na nagpapakita ng pagbabago nito dahil sa iba't ibang paraan ng paggamit sa wika (Peregrino et al. 2012:ix).

Matatandaang sa patakarang pangwika na itinatadhana ng Konstitusyong 1987, na nasa Artikulo XIV, Seksyon 6 ng Konstitusyon ng Republika Pilipinas (Komisyon sa Wikang Filipino: Gabay sa Ortograpiyang Filipino, 2009:52) na:

"Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nililinaang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin

pa salig sa umiiral na mga wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika."

Tuwirang masasabi na lehitimang wikang pambansa ng Pilipinas ang Filipino. Hindi na kailangan ang debate ukol dito dahil batas na ang nagtatakda. Paglilinaw pa ni Recto (2003:29) na:

"Ito ang itinakda ng pangunahing batas sa ating lipunan. Ngunit pambansang wika natin ang Filipino hindi lang dahil sinabi ito ng Konstitusyon. Kung usipin natin, nakasulat ang mga probisyong iyon dahil sa tagumpay ng tinig ng mamamayan. Pambansang wika natin ang Filipino dahil ito ang buháy na wika ng ating mga kababayan."

Malinaw na inihayag ni Recto na ang tunay na kabuluhan ng wikang pambansa ay hindi lamang tulad halimbawa kapag sasapit ang Buwan ng Wika na kung saan ito'y ipinagdiriwang taon-taon kundi ito ay ginagamit sa pakikipag-usap, pagkukuwentuhan, maging sa panaghoy ng pangangailangan, ginagamit sa pagpapahayag ng damdamin at maging ng kaisipan. Mariin niyang sinabi na ito ang Pambansang wika natin dahil ito ang buháy na wika ng ating mga kababayan. Nararapat lamang na ang magandang bigyang pansin sa probisyong pangwika na ito yaong bahaging nagsasaad na *samantalang nililinang ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika sa Pilipinas at sa iba pang wika*. Ang pormalang "payabungin at pagyamanin pa" ay nagsasaad na patuloy na paunlarin ang Filipino. Katulad ng ahmang buhay na wika sa daigdig, nakatakda dumanas ng mga pagbahago ang Filipino. Subalit malinaw ang atas ng Konstitusyong 1987 na linangin at payabungin batay sa mga buhay o umiiral na wika ng Pilipinas at maging ng mga dayuhang wika. Nangangahulugan lamang ito na kalahok ang lahat ng mga katutubong wika sa Pilipinas at maging ang iba pang mga wika sa daigdig katulad ng Espanyol, Ingles, Arabic at iba pang ginagamit na wika sa bansa sa pagpapayaman ng korpus ng wikang Filipino. Pahayag pa ni Tupas (2007:74) "*In the Philippines, language issues are part of a social structure that evolved in colonial times and persist in the postcolonial era. Framing language-policy debates in simple "ethnic" terms therefore misses an important historical point...*"

Ang pahayag ni Peregrino ay malaking kaugnayan sa batas pangwika na may kinalaman sa pagpapayabong ng Filipino bilang wikang Pambansa na gamitin at/o pag-aralan ang iba pang mga wika sa bansa para sa pagpapayabong ng Filipino. Sa gayon, ang isang paraan upang malugunan ang pangangailangang ito na magkaroon ng kanya-kanyang ambag o kontribusyon ang mga katutubong wika sa repositoryo ng wikang Filipino ay sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga

katutubong salita o mga salitang nilalapan sa Tagalog na malimit pumapasok sa luwing gagamit ng wikang pambansa, ang Filipino. Dahil sa kalagayang bayhngwal, may natural na kontak ang mga wika, at natural na kaugalian ang manghiram sa orihinal na wika o umang wika kung ang pinag-uusapang paksa ay walang katumbas sa wika ng mga nagsasalita o di kaya'y hindi sinasadyang paggamit nito sa kaswal na usapan lalong lalo na kung ito ay ginawa sa harapang pag-uusap. Sa kasalukuyang sitwasyon ng ating wika, hindi lahat ng mga mag-aaral ay isa ang *home language* ang alam na gamitin. Higit sa dalawang wika ang ginagamit o alam gamitin dahil sa impluwensya ng midya Gayundin, ang mga migrante sa isang lugar na may ibalang bagong wika na ipinakilala niya sa mga naninirahan doon na tinatawag na wika ng minorityang grupo. May ilang pagkakataon na ang isang migrante ay hindi alam ang wika ng lugar ng kanilang pinaglipatan kung kaya gagamit siya ng komon na wika na naiintindihan niya at ng kanyang kausap sa bagong lugar.

Sinasabi na ang wika ay isang mahalagang kasangkapan para sa pagkakaunawaan ng bawat nilalang (masa: Constantino 2005 at Mangahis et al. 2008). Hindi man maituturing na perpekto ang pagkakagamit ng isang tao lalong lalo na ang wika ng kanyang kausap subalit ang mahalaga ay naipahabayag ito. Ang isang ispiker na Sebuwano na nakikipag-usap sa isang Tagalog ay gumagamit ng wikang Filipino bilang tulay o midyum ng kanilang pagkakaunawaan. Sa gayong kalagayan, di maiwasan na lumilitaw ang mga salitang koiné. Nagpupumilit na makapagsalita o gumamit ng naturang wika ang di-Tagalog sa kanyang kausap na Tagalog dahil nga may gusto siyang iparaling at nais malaman din. Subalit ang pagkakagamit sa wikang Filipino ay naiiba at nakabatay sa katutubong kombersasyon na pamamaraan.

Kaugnay nito, malalaman sa papel na ito ang mga salitang koiné na dumaan sa prosesong koineization. Ang pagkilala sa mga salitang ito ay pagtatanghal bilang mga bagong varayti ng wikang Filipino.

1.1 Mga Layunin at Paglalahad ng Suliranin

Layunin ng pag-aaral na ito na makabuo ng isang malinaw na prinsipyong makatutulong sa pagpapaliwanag at pagpapatibay sa paglitaw ng bagong varayti mula sa paghahabi ng wikang Sebuwano-Mindanao at wikang Tagalog na maituturing na Filipino varayti. Layunin din nilang maitampok ang bagong varayti na ito tungo sa elaborasyon ng wikang Filipino. Ang mga tanong sa ibaba ang giya upang maisakatuparan ang layunin ng pag-aaral.

1. Ano-ano ang mga salitang nabubuo na maituturing na bagong varayti ng Filipino na lumilitaw batay sa proseso ng koineization mula sa paghahalo (mixing), pag-aantas (leveling) at pagpapagaan

- (simplification) sa pagitan ng wikang Sebuwano-Mindanao at wikang Tagalog?
2. Paano magiging kabahagi ang bagong varayting nabuo mula wikang Sebuwano-Mindanao sa elaborasyon ng wikang Filipino?
 3. Ano ang batayang pananaw at prinsipyong mabubuo batay sa paglitaw ng bagong varayti na ito?

Samakatuwid, (iningnan sa pag-aaral ang mga salitang may kinalaman sa kung anong varayti ng Filipino ang lumalabas kapag ang nagsasalita ay isang Sebuwano-Mindanawon ispiker na ang kausap ay isa namang Tagalog ispiker.

1.2 Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral

Saklaw ng pag-aaral ang mga salitang pumasok o lumitaw sa mga usapan ng *dormers* habang ginagamit ang wikang Filipino sa mga kaswal na kombersasyon – mapaloob man o mapalabas ng dorm. Ang mga salitang ito ay maaaring sa tingin ng nagsasalita na para sa kanya ito ay “mali” o di kaya’y pakiramulam niya’y “mali” ang pagkakagamit. Pahapyaw na susuriin ang mga salitang ito gayundin ang buong pahayag o di kaya’y usapan. Nihimitahan ang pag-aaral sa mga impormanteng nakalira sa Sanggunay dorm at hindi ikinonsidera ang hindi galing sa Mindanao. At lalong hindi rin isinama sa pag-aaral ang mga hindi Sebuwano-Mindanawon ispiker.

Walang itinakdang *time frame* kung kailan ang naging karanasan o sa tingin nila na sila’y nagkamali ng gamit ng salita at pumasok ang katutubong wika na nahalo sa wikang Tagalog sa paggamit ng wikang Filipino sa pakikipag-usap. Ang mahalaga ay naipalutang ang mga layuning hinilingi ng pag-aaral. Ang pagsusuri sa mga salita o datos ay ipinokus sa pagpapalutang at pagpapatampok ng wikang Sebuwano-Mindanawon tungo sa elaborasyon at pagpapaunlad ng wikang pambansa na Filipino.

METODOLOHIYA NG PAG-AARAL

Ang pagkuha ng mga impormasyon at datos ay batay sa pakikipanayam sa mga gradwading estudyante na nakalira sa Sanggumay Residence Hall sa UP Diliman. Sa dormitoryong ito pansamantalang nananahanan ang estudyanteng mula sa iba't ibang bahagi ng bansa na binubuo ng mga 132 kababaihan na may 30 ay mula sa Mindanao. Kung kaya isinama ng mananaliksik ang mga kakilala na mula sa bahas ng dorm partikular sa mga lalaking mga kakilala para magkaroon ng balanse ang pag-aaral.

Nagsisilbi ring representasyon ang mga *dormer* ng Sanggumay sa mga tagapagsalita ng Sebuwano-Mindanawon. Halos lahat sila ay nagmula sa Mindanao tulad ng Davan City, Cagayan de Oro City, Butuan City, Lanao del Sur, Marawi City, Iligan City, Ozamis, Zamboanga del Sur, Tagum City, South Cotabato, North Cotabato, at Sultan Kudarat. Ibig sabihin, maaaring iisang varayti ng pagh-Filipino ang ginagamit nila kapag nasa Manila lalo na sa pakikipagrusap sa kapwa *dormer*, kaklase, guro, tserman ng department o pamunuan ng bawat departamento, mga nagtitinda sa Area 2 o eatery, driver at mga saleslady/man ng mga mall. Nirekord at itinala ang mga nakuhang datos mula sa mga nakapanayam na impormante at masinsinang sinuri upang makuha ang mga salitang matatawag na koiné.

BATAYANG KONSEPTWAL AT TEORETIKAL

Ang pagtatampok at pagtatanghal ng Sebuwano-Mindanawon Filipino varayti para sa elaborasyon tungo sa higit na pagsuporta at pagtangkilik ng wikang pambansa ay nakaangkla sa iba't ibang konseptong nagtataguyod sa pagpapahalaga ng wikang Filipino bilang wikang pambansa ng Pilipinas.

Ang teoryang ginamit sa pag-aaral na ito ay ang lapit na *Koincization*. Ginamit ni Trudgill ito sa ginawang pag-aaral ni Dr. Oera. Unang ipinakilala ng isang linggwistang si William J. Samarin (1971) ang lapit na *koincization* na kung saan layunin na ilarawan ang isang proseso na humantong sa pagbuo o paglikha ng isang bagong wika o diyalekto. Denivelop at pinaunlad naman ito ni Peter Trudgill noong 1986. Ayon sa kanya "*when speakers of intelligible dialects engage in face-to-face oral interaction, a new amalgamated variety called koiné is gradually evolved overtime under conducive sociolinguistic conditions such as prolonged contact with growth of economic and social intercourse.*"

Dagdag pa ni Trudgill (1986) na sa silwasyon na magaganap ang paghahalo-halo ng mga wika ay may malaking bilang o porsyento ng varyant ang posibleng lulutang. At sa pamamagitan ng prosesong **accomodation** o harapang interaksyon ay maaaring magaganap ang penomenong **interdialect**.

Pahayag naman ni Chow (2013) na ang Koincization ay paghahalo ng dalawang diyalekto na nabibilang sa parehong wika. Sa sosyolinggwistikong pagtingin, ang prosesong ito ay tumutukoy sa bagong varayti ng wika na lumilitaw mula sa paghahalo (mixing), pag-aantas (leveling) at pagpapagaan (simplification) ng iba't ibang diyalekto na tinatawag na *dialect mixing* (Trudgill, 1986). Ang konseptong paghahalo o mixing, pag-aantas o leveling at pagpapagaan o simplification ay isang paraan o proseso ng tinatawag na Koincization.

Nakakapit rin ang pananaliksik na ito sa **wave model theory** na isang Ethnological basis approach ni J. Schmidt na tumutukoy sa "The gradual expansion of language" o kumikilala sa gradwal na paghabago ng wika sa pamamagitan ng pagtingin sa kaugalian at pinagmulan ng lahi ng isang tao o grupo ng tao sa pamamagitan ng palaging pag-uusap o *constant communication*.


Batay sa Gillieron's view of linguistic change (Crowley, 1998):

The wave model implies that instead of sharp linguistic splits, changes takes place like waves spreading outward from the place where a stone is dropped into water, travelling different distances with different stones, and crossing with waves caused by other stones.

Ibig sabihin, nilalarawan ng **Wave theory** ang pagbabago sa wika na mga alon papalayo sa sentro katulad sa nangyayari kapag hinulog ang isang bato sa tubig. Kapag maraming bato ang hinulog, magkakaroon ng pagsasanib ang mga alon at ang magkasanib na alon ang naglalarawan ng mga diyalekto ng wika na magkasanib dahil sa mga elementong komon.

Konseptong Larawan ng Pag-aaral

Figur 1




Ang anyong ito ng wave ay nagpapakita ng paglaganap ng isolek sa pamamagitan ng social space bilang mga simpleng alon. Ayon kay Bailey (1973:68) ang isolek ay mga varayti ng wika na may minimal na pagkakaiba depende sa

bigat o impak nito. At ang bawat point ay tumatawid sa mga tinatawag na **social barrier** tulad ng edad, seks at class.

Habang ang mga along ito ay humalaganap sa pamamagitan ng social space ay maaaring magkaroon ito ng pagbabago tulad sa tunog, sa anyo o ispelang maging sa kahulugan na may kaibahan sa orihinal nitong wikang pinanggagalingan. Habang progresibong lumalayo ang mga alon, nawawala o humihina naman ang lakas o puwersa nito sa bawat dinadaanang *social space o espasyong panlipunan*.

Figyur 2




Ipinapakita naman sa Figyur 2 ang larawang konsepto kung paano ang naging proseso ng koineization sa pagitan ng wikang Sebuwano-Mindanawon at wikang Tagalog tungo sa Filipino Koiné. Ang malaking kahon na hugis parihaba ay representasyon ng wikang pambansa na Filipino. Nagsisilbi rin siyang setting o lugar kung saan nagtatagpo ang mga nag-usap; halimbawa Sebuwano-Mindanawon na nakikipag-usap sa isang Tagalog. Sa pahapyaw na pag-aaral na ito, ang lugar na pokus ng pananaliksik ay ang Metro Manila na sa kasalukuyan ay itinuturing na sentro ng lahat ng mga gawain kalakalan, pambansang transaksyon, malalaking tanggapan o opisina, lugar ng sentro sa kahusayan sa larangan ng akademya, isport at iba pa. Kung kaya dahil dito, isang magandang lokasyon ang Maynila upang maitampok ang ibang varayti ng wika kapag ginagamit ang pambansang wika sa pakikipaghalubilo.

Ang dalawang katamtamang bilog naman ay representasyon ng dalawang wika na nagkatagpo sa loob ng setting o lokasyon. Sa kaliwang bahagi ay ang wikang Sebuwano-Mindanawon at nasa kanan ay ang wikang Tagalog. Sa pagtatagpo ng dalawang wika sa loob ng setting, hindi maiwasan na pumasok o

biglang sumulpot ang mga pinaghalong salita maging mga hiram na salita mula sa bawat katutubo o unang wika ng mga nag-uusap. Sa bahaging ito, mararanasan ng dalawang wika ang proseso ng Koincization at madaanan nila ang tatlong paraan na ito na hindi namamalayan. Kapag ang nahuong koiné ay unti-unting nagiging establisado, dito na ngayon lilitaw ang bagong varayti ng Filipino na nirerepresenta ng kulay bughaw na bilog na makikita sa dalawang nag-uumpugang mga bilog at mabubuo ang tinatawag na Koiné.

Figyur 3



Ang Figyur 3 naman ay halimbawang proseso ng Koincization ni Seigel (1985) na tinatawag niyang *nativized koiné* kung saan ipinapakita niya ang *mixing of linguistic subsystems* ng mga iba't ibang varayti ng wika – Fiji Hindustani, Guyanese Bhojpuri at Greek Koiné.

KAUGNAY NA PAG-AARAL AT LITERATURA

Mga Kaugnay na Pag-aaral at Literatura

Isa sa kaugnay na pag-aaral ay ang pag-aaral ni Dr. Marietta R. Otero na may pamagat na *Verbal Affixes of Varieties of Filipino in Dialect Contact Situations: Towards a Filipino Koiné*. Nakatuon ito sa paglitaw ng mga pattern sa paggamit ng mga panlaping makadiwa at mga aspektong pananda sa Filipino na kung saan ginagamit ng mga *non-native speakers of mutually intelligible dialects of the language* habang sila ay nakikipag-usap ng harapan. Ang pag-aaral na ito ni Otero ay nakabatay sa teorya ni Trudgil (Otero, 1995) na ayon sa kanya *that when speakers of intelligible dialects engage in face-to-face oral interaction, a new amalgamated variety called koiné is gradually evolved over time under conducive sociolinguistics conditions such as prolonged contact with growth of economic and social intercourse*. Ibig sabihin na kapag ang mga ispiker ng mga nagkaunawaang dayalekta ay nag-uusap ng harapan, isang bagong amalgamated na varayti ang

mabubuo na tinatawag na koiné. Ito'y unti-unting nagbabago sa paglipas ng panahon lunga ng sosyolingwistikong kondisyon tulad na lamang ng ekonomikong pag-unlad at iba pang panlipunang pagbabago.

Ang sahjek ng kanyang pag-aaral ay 114 adult non-native speakers ng Filipino mula sa 9 na etnolingwistikong grupo – Ilocano, Pangasinense, Kapampangan, Bicolano, Cebuano, Hiligaynon, Waray, Maguindanaon, at Tausog. Ang paraan naman ng kanyang pangangalap ng datos ay mula sa TV talk shows, University faculty academic council meetings, Summer teacher-training, Seminar workshops, Informal faculty exchanges at mga nakarekord na usapan ng mga mag-aaral. Napaguhaman sa kanyang ginawang pag-aaral na may 236 varyant o naiibang mga salita na resulta ng paghahalo o mixing. Mayroong 86 na pag-uulit ng pagkakagamit ng salita lalong lalo na sa pagkabit ng mga panlaping *mag, nag, na, um at in*. Sa ginawang pagsusuri lumabas na marami ang dalas ng bilang sa gamit ng **Mag at Nag** sa halip na **UM**.

Ang isa pang pag-aaral na may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik ay ang pag-aaral ni Jeff Siegel (1985) na may pamagat na *Koines and Koineization*. Sinuri niya ang iba't ibang depinisyon at gamit ng mga termino sa mga akdang pampanitikan at nagmumungkahi ng isang mas tumpak na paggamit sa konteksto ng kontak batay sa paghahalo o mixing sa pagitan ng tinatawag na **linguistic subsystems** - *Languages in contact, language mixing, pidgin and creole studies, social psychology*. Sa kanyang pag-aaral, ang Koineization ay ang proseso na hahantong sa paghahalo ng linguistic subsystems na nangangahulagan na ang varyli ng mga wika na kung saan o alinman man ay pare-parehong mauunawaan at tatawagin itong **genetically related superposed language**. Ito ay nangyayari sa konteksto ng mas mataas na pakikipag-ugnayan o integrasyon sa pagitan ng mga nagsasalita ng mga iba't ibang varyti. Al sa prosesong ito, kapag nagiging establisado ay humahantong ito sa tinatawag na Koiné. Wika pa ni Siegel na ang isang Koiné ay nakikilala batay sa kanyang mga katangian sa pamamagitan ng paghahalo ng mga tampok na mga varyti, at sa isang maagang yugto ng pag-unlad, madalas itong nabawasan o mas pinasimple lalo na kapag inihahambing sa anumang mga varyti ng wika. Samakatawid, ang isang koiné ay maiuturing din na lingua franca sa mga nagsasalita gamit ang pinaghalong mga varyti ng wika. Ito rin ay maaaring maging pangunahing wika ng **amalgamated community** ng mga gumagamit o nagsasalita nito.

Binigyang-diin ni Charles Darwin na, *“Language – This faculty has justly been considered as one of the chief distinctions between man and the lower animals”* (Harris, 1996:140). Itig sabihin ang wika ang siyang nagbibiligay ng malaking kalamangan natin sa mga hayop at iba pang bagay na may buhay at hininga sa daigdig. Aniya, *“The formation of different languages and of distinct species, and the proofs that both have been developed through a gradual process, are curiously the same”* (Harris:144). Nangangahulugan lamang na malaki ang

papel na ginagampanan ng wika sa eksistensi ng tao at ng kanyang buong pagkatao. Nakasalalay sa wika ang paghulma ng kanyang kaakuhan (being) dahil ito ang kanyang instrumentong gagamitin upang makamit ang hangaring pag-unlad sa sarili lilang indilidwal sa prosesong gradwal o paunti-unti. Wika nga ni Charles Darwin "...for there is in the mind of man a strong love for slight changes in all things. The survival or preservation of certain favoured words in the struggle for existence is natural..." Kung kaya isang natural na gawain ang panghihiram ng unang wika o katutubong wika kapag ang kausap ay hindi pareho ang unang wika tulad nga sa kaso ng mga Sebuwano-Mindanawon at Tagalog ispiker dahil ito ay isang malinding pangangailangan upang mabuhay at maka-survive sa ibang lugar. Kailangang maki-adjust at makiayon sa kultura, maging ng wika ng mga tao sa lugar na pinuntahan o di kaya'y itinayo.

Sa pag-unawa hinggil sa nabanggit na saklaw ng pag-aaral at ang layunin nito, mahalagang malaman at matalunton ang kaugnay na kaligirang kasaysayan ng Mindanao bilang sentrong lokal ng pagtalakay lalong lalo na sa paraan ng pagli-Filipino ng mga Mindanawon. Malatandaan na ang Mindanao ang pangalawa sa pinakamalaking pulo sa Pilipinas na binubuo ng anim na rehiyon at dalawangpu't anim na (26) na mga lalawigan. Binubuo rin ang pulo na ito ng iba't ibang etnikong grupo at etnolingwistikong grupo. Ayon sa 2010 National Census ang kabuuang populasyon ng Mindanao ay umabot ng 21,968,174 o 23.8% ng kabuuang populasyon sa Pilipinas. Kung saan nabati ito sa dalawang pangunahing kategorya ang mga indehinus o katutubo at mga migranteng nandarayuhan sa pulo. Ayon kay Rodil (2003, 1-2), ang kategorya ng mga katutubo ay nahahati rin sa tulo, una ang mga Muslim o ang Islamized na grupo na tinatayang may 3.63 milyon o may 20% na bilang, pangalawa ang mga Lumad na 907,000 o 6%, ang mga Bisayang migrante na may 900,000 (5%) na una nang nanirahan sa Hilaga at Silangang bahagi ng Mindanao. Gayundin ang mga Chavacano sa Zamboanga at Basilan bago pa man dumating ang mga Kastila sa Mindanao noong ika-17 dantaon. Sa paglalabad na ito binigyang-linaw rin ni Woodward (2001:2) na mahalagang tanggapin ang mga pagbabago sa wika dahil ayon sa kanya *accept that language is a mixture of things that it changes all the time and thus that we need to teach and learn it in a variety of ways*. Ito'y mga paghahalo-halo na maaaring sa sistema, kultura at iba pa kung kaya naapektuhan ang mga pagbabago sa wika na humantong sa pagkakaroon ng bagong variety.

Ang Mekanismo ng *Wave*

Ang baryabilidad o ang pagbago-bago ay nakadepende sa panahon kaya sinasabing "gradwal na paglubago ng wika." Isa sa mga dahilan nito ay ang mekanismo ng *wave*. Ayon kay Dickerson (Labov, 1966; 1971; 1972) *the wave mechanism of change has been found in community after community. Change*

occurs only because individuals in the community change the language. In this way a change received from one generation is extended and passed on to the next generation.

Ang emphasis sa mekanismo ng wave ay nakatuon sa *sound change* o *the change of phonological segment from one phonetic shape to another*. Mayroon ding tinatawag na *overlapping of waves* na kung saan kinuha ni Bailey sa teoryang Family Tree ni J. Schmidt (1872). Nangangahulugan lamang na maaaring ang nagaganap na pag-overlap ay sa punto ng ispelang o pagkakahit o paglalagay halimbawa ng mga panlapi o salitang-ugat upang iangkop sa wika ng kausap. Nilinaw rin ni Baily (1973) na *overlapping waves shows the interaction of two parts of the same rule propagated as waves from earlier and later points of origin*. Ibig sabihin, nagkakaroon ng overlapping ang hawat maliliit na bilog at kung minsâ’y humalapad o humalaki ang maliliit na bilog na ito na nagiging mga alon.

Ang Sebuwano-Mindanawon at Wikang Tagalog Tungo sa Bagong Varayti ng Filipino

Sa bahaging ita, tatalakayin ang yugto at proseso ng koineization batay sa dalawang nagkakatagpong wika sa panahong ginamit ang wikang pambansa na Filipino sa pakikipag-usap. Ang dalawang wikang pinagtuunan ng pansin ay ang wikang Sebuwano-Mindanawon at ang wikang Tagalog. Pinili ang salitang Mindanawon sa wikang Sebuwano-Mindanawon para tukuyin ang lahat ng mga nagsasalita ng Sebuwano, Sugbuhanon o Binisaya na ipinanganak, lumaki at nakatira sa bahaging Mindanao.

Ang Prosesong Koineization

Batay sa salaysay ni Siegel (1985) na noong unang panahon ng kasaysayan mayroong ng ginagamit na mga salita na *koineizing* at *koineization* na mahabasa sa mga akdang pampanitikan. Ang dalawa ay parehong tumutukoy sa isang dinamikong proseso na kadalasan ay lumilaw mula sa paghahalo ang mga diyalekto at pag-aantas o leveling na kung saan ang pagbuo ng establisadong koine ay nagaganap sa unang yugto.

A. *Mixing o Paghahalo* - Ang unang yugto ng koineization na kung saan ang mga varayti o dayalekto ay di-sinasadyang magkakatagpo-tagpo habang ginagamit ang wikang Filipino sa harapang pakikipagtalastasan.

Sa unang yugto (Mixing) ng prosesong koineization, maaaring asahan ang mga tiyak na pagkakaiba-iba ng ponema, morpolohiya at sintaks (Rajend Mesthrie, 2002). Maaari ring may paghahalo sa loob ng *salita* o di kaya’y sa loob ng *pangungusap*. Pansinin ang mga nakalap na mga salita sa ibaba na lumitaw sa

pag-uusap gamit ang wikang Filipino. Sa pagtalakay, gumamit ng mga simbolong () panaklong at [] bracket bilang paliwanag ng kahulugan batay sa grammar ng Filipino ni Maliesi (2013: xxii).

i. Tagalog - *um + kain* - kumain

Sebuwano-Davao \longrightarrow (nagkain) nag [panlaping Sebuwano] + kain [salitang-ugat sa WT]. Sa halip na *kumain*, ang ginamit ay *nagkain*. Ang pagsulpot na ito ay ginamit ng isang Sebuwano-Davao ispiker. Ang unlaping *nag* ay isa rin sa mga panlaping ginagamit sa Cebu at ang *kain* ay salitang-ugat naman sa wikang Tagalog.

ii. Tagalog - *um + ihi* = umihi

Sebuwano-Iligan \longrightarrow (mag-ihi) mag [panlaping Sebuwano] + ihi [salitang-ugat sa WT]. Sa halip na *umihi*, ang ginamit ay *mag-ihi*. Lumitaw ang salitang ito nang ginamit ng isang Sebuwano-Iligan ispiker ang wikang Filipino sa pakikipag-usap sa kanyang kaklase sa loob ng klasrum. Ang panlaping *mag* ay panlapi rin ng mga nagsasalita ng Sebuwano. At ang *ihi* naman ay kapwa salitang ginagamit ng mga Sebuwano-Mindanao ispiker at Tagalog ispiker, naiiba lamang ang anyo nito kung nilalapan ng bawat mga wika. Tulad ng *umihi* sa mga Tagalogo at *mag-ihi* naman ng mga Sebuwano-Mindanao.

iii. Tagalog - *mag + negosyo* - magnegosyo; *mag + business* - mag-business

Sebuwano-Marawi \longrightarrow (Mag-business) mag [panlaping Sebuwano] + business [pangngalan na salitang Ingles]. Sa halip na magnegosyo, ang ginamit naman ay *mag business*. Lumitaw ang salitang *mag business* nang mag usap ang dormer na mula sa Marawi City sa kapwa niya dormer na mula sa Iligan City. Ang dormer na mula sa Marawi ay nakakapagsalita ng wikang Sebuwano, wikang Tagalog, wikang Maranao at wikang Ingles; kung kaya hindi nakapagtataka na nagkakaunawaan ang dalawang ispiker dahil may komon na mga wika silang alam na gamitin - wikang Sebuwano, Tagalog at Ingles. Subalit ang midyum na kanilang ginamit sa usapan ay wikang Filipino dahil nasa Manila sila. Datapwat naikabit ang panglaping *mag* sa *business* na isang noun o salitang Ingles kaya naging *mag-business* na dapat ay magnegosyo.

May gitling na naidagdag sa pagitan ng *mag* at *business* dahil sa tuntuning ibinigay ng KWF na sinumod naman ng mananaliksik na ito'y nararapat na gitlingan ang mga salitang hiniram sa orihinal na baybay tulad ng Ingles kapag ikinakabit sa mga panlapi.

iv. Tagalog - *um + pila* = pumila

Sebuwano-Buruan \longrightarrow (mag-pila) mag [panlaping Cebuano] + pila [salitang-ugat sa WT]. Sa halip na *pumila*, ang ginamit na salita ay *mag-pila*. Lumitaw ang

paggamit ng *magpila* nang pumila ang isang dormer noong panahon ng enrolment. Gayundin, ang panlaping *mag* ay ginagamit din na panlapi ng mga Sebuwano-Mindanawon at ang salitang-ugat na *pila* ay mula naman sa mga Tagalog. Ang salitang *pila* sa Sebuwano ispiker ay *magkuno* naman ang kahulugan sa wikang Tagalog.

v. Tagalog *mag* + *aral* = *mag-aral*

Sebuwano-Ozamis \longrightarrow (mag-study) *mag* [panlaping Sebuwano] *study* [salitang-ugat sa wikang Ingles]. Ang salitang *mag-study* ay madalas na naririnig sa loob ng dorm o maging sa labas at loob ng kampus lalong lalo na sa mga mag-aaral. Sa halip na mag-aral, ang ginamit ay *mag-study*. Ang *mag* ay kapwa panlapi ng wikang Sebuwano at wikang Tagalog maliban sa *study* na salitang Ingles. Sa nakasanayan, nilalagyan ng gitling ang salitang hiram sa Ingles kapag nialalapan sa wikang Filipino lalo pa kung hiniram ng buo ang isang salita.

vi. Tagalog = *um* + *inom* = *uminom*

Sebuwano-Tagum \longrightarrow (mag-inom) *mag* [panlaping Cebuano] *inom* [salitang-ugat sa WT]. Ang nararapat sanang gamitin o tamang sahihin ay *uminom* subalit ang ginamit ay *mag-inom*. Ang panlaping *mag* ay kapwa panlapi ng mga Sebuwano at Tagalog subalit sa maraming pagkakataon ay hindi sila magkapareho ng gamit kapag ikinakabit na ang mga ito sa mga salitang-ugat. Tulad nito, sa Tagalog ang tama ay *uminom* hindi *mag-inom* subalit sa mga nagsasalita ng wikang Filipino na di-Tagalog ay tama ang salitang ito dahil naiintindihan naman ng mga kausap nila na mga Tagalog ispiker. Gayundin, ang *inom* ay kapwa salitang-ugat ng wikang Sebuwano at wikang Tagalog, nagkakaiba lang ang dalawa sa mga panlaping ginagamit. Ang wikang Sebuwano ay *mag* at ang mga ispiker ng Tagalog naman ay *um*.

vii. Tagalog = *um* + *bili* = *bumili*

Sebuwano-Cotabato \longrightarrow (magbili) *mag* [panlaping Cebuano] *bili* [salitang-ugat sa WT]. Ang tamang nararapat na gamitin sama ay *bumili*. Subalit lumitaw ang *magbili* na kung saan ikinabit ang panlaping *mag* sa salitang-ugat ng wikang Tagalog na *bili*. Ginamit ang salitang *magbili* nang minsang bumili ng pagkain sa Area 2 ang isang nagdo-dorm sa isa sa mga catory ng lugar.

B. Pag-aantas o leveling Ang ikalawang yugto ng koineization na sumunod sa paghahulo ay ang pag-aantas o leveling. Dito naman nagaganap ang mga karaniwang pagtatampok ng mga wika at sa karaniwang proseso ng pag-usap ay hindi namamalayan ng hawat ispiker na may lumitaw o nabubuong koiné sa usapan. Tunghayan ang mga naitalang usapang naganap ang paglitaw o pagsulpot ng mga salita sa susunod na pahina.

i. [*Nagkain na ka?*] o *Kumain ka na?*

Mapapansin sa pangungusap sa itaas na nagamit o pumasok ang panglaping *nag* sa tanong na "*Nagkain na ka?*" na dapat sa wikang Tagalog ay *kumain ka na?* Hindi lamang *nag* ang mapapansing may mali, mahihinuha rin na nagkabaliktad ang katagang "*na*" at pantukoy na "*ka*" sa loob ng pangungusap.

ii. [*Mag-ihî muna ako sa CR ng first floor.*]

Tulad sa naunang pangungusap, lumitaw din ang salitang koiné na *mag-ihî* na ang kadalasang ginagamit ng mga Tagalog ay *umihî* o di kaya ay *ihî*. Sa wikang Sebuwano hindi ikinakabit ang *mag* kapag sa salitang-ugat na kakabitán ay *ihî*. Ang ginagamit sa Sebuwano ay *mangihî*, kung tapos nang umihî ito ay *nangihî*.

Dahil sa ang gumamit ay nasa Manila, nakabit niya ang *magsa ihî* kung kaya hindi nagiging normal sa pandinig ng mga Tagalog ang ganitong paggamit. Subalit ito naman ay naiintindihan nila, malamang dahil sa salitang-ugat na nakakabit dito na *ihî*.

iii. [*Hindi ko gusto ang aking propesyon kaya mag-business na lang ako.*]

Ang sinalungguhitang salita na *mag-business* ang lumitaw sa pangungusap na mapapansing may pagkakabit ng panglaping *mag* na Sebuwano sa salitang Ingles na *business*. Sa mga ispiker ng Tagalog ang maririnig sa kanila ay *magmenegosyo*. Ang midyum na wikang ginamit dito ay wikang Filipino.

iv. [*Magpila muna ako sa cashier.*]

Batay sa kombersasyon o usapan, naitala ang pangungusap na "*Magpila muna ako sa cashier.*" Ang tama sanang gamitin para sa mga Tagalog ay *pumila*. Subalit sa mga di-Tagalog ay napaghala nila ang panglaping *mag* sa salitang-ugat na pila na sa halip ay *um*.

v. [*Magpunta ako ng main library para mag-study.*]

Ang unang ipinakita sa **mixing** sa unahang bahagi ng papel ay ang koiné word na *mag-study*. Ngunit nakita ng mananaliksik sa unahan ng pangungusap na kung saan ang punta ay kinabitán ng *mag* kaya nagiging *magpunta*. Ang *mag* dito ay panglaping Sebuwano at ang *punta* naman ay wikang Tagalog. Samantala, ang salitang *mag-study* ay maituturing din na koiné word dahil sa pagkakabit nito ng panglaping *mag* sa hiram na salita sa Ingles na *study*. Normal na maririning ang ganitong usapan lalo pa't nasa loob ng kampus. Subalit sa mga ispiker ng Tagalog, ang madalas na ginagamit ay *mag-aral*. Para naman sa mga Sebuwano-Mindanawon ispiker ang *mag-aral* sa amin ay *magtuon* na parcho pa ring may *mag* subalit magkaila ng salitang-ugat. Mapapansin na dalawang koiné word ang pumasok sa pangungusap na ito.


vi. *[Mag inom tayo ng coke, ang init ng panahon.]*

Katulad ng mga naunang sinuring pangungusap, nakita at napansin ang salitang pinaghalo o di sadyang pagkakagamit ng panlapi at salitang-ugat. Kagaya nitong *mag inom* na ang salitang-ugat na inom ay kinabitang panlaping *mag* sa Sebuwano. Subalit hindi rin naman nagkakalayo ang dalawang wika dahil parehong *inom* ang salitang-ugat ng wikang Sebuwano at wikang Tagalog.

vii. *[Magbili tayo ng libro sa UP Press dahil may discount.]*

Ito ang huling pangungusap na nakitaan ng koine word at ang salitang ito ay *magbili*. Ang *mag* ay panlaping Sebuwano na ikinabit ng di-Tagalog ispiker sa pakikipag-usap niya sa isang Tagalog ispiker gamit ang wikang Filipino. Sa halip na *bumili*, ang di sinadyang gamitin ay ang salitang *magbili*. Maaaring ipaliwanag ng Figyur 3 ang prosesong pag-aantas o **leveling** sa nagaganap na pagtubago ng salita. Ang panlaping *UM* sa wikang Tagalog ay napapalitan sa wikang Sebuwano ng mga panlaping *MAG* at *NAG*. Sa prosesong **Koineization**, sa puntong pag-aantas makikitang nawala ang panlaping *um* ngunit nananatili ang salitang-ugat (kain, ihi, business, pila, study, inom, bili).

Figyur 4



C. *Pagpapagaan o Simplification* – Ito ang resulta ng una at pangalawang yugto na **mixing** at **leveling** sa proseso ng **Koineization**. Pagtatanggal o pagkawala ng panlapi at naiiba ang tunog o bigkas na hindi namamalayan na nagaganap pala ang naturang proseso lalo pa sa harapang pag-unsap. Kadalasang nangyayari ang mga ito kapag ginagawang pandiwa ang isang pangngalan at nauulit ang unang pantig ng salita.

Pag-nulit (Reduplication)

- i. *Magra-Ramadan*
- ii. *Magla library*
- iii. *Magmo-mall*
- iv. *Magja jogging*


Paglilinaw pa ni Constantino (nasa Peregrino, 2012:15) na inadap nila (di-Tagalo) ang Filipino ayon sa konseptong batay ito sa lahat ng wika sa Pilipinas dahil nakaangkla ito sa ideya ng pagiging lingua franca na sa paggamit nito malaki ang magiging impluwensya ng una niyang wika. Sa paraang ito nabubuo

ang varayti ng Filipino – batay sa lingguwistiko at heograpikong dimensiyon kung kaya may Sebuwano Filipino. Halimbawa nito ay ang pagsasalin ng Filipino ng isang Sebuwano, pumasok ang di paggamit ng reduplikasyon halimbawa *magtawag* sa halip na *magtatawag* o kaya’y laging paggamit ng *mag* halimbawa para sa *magbili* sa halip na *bumili*.

Ang Sebuwano-Mindanawon Koiné

Kaugnay sa nilinaw ni Siegel (1986:357) na *“The term ‘koiné’ has been applied to a variety of languages, only some of which are analagous in form and function to the original Greek koiné. The term ‘koinization’ has more recently been applied to the process of leveling which may result in a koiné.”* Ipinakita ang dayagram na nagupakita sa proseso rin ng kasalukuyang pag-aaral sa koiné na lumilitaw sa mga pag-uusap ng mga Sebuano Mindanawon na nakikipag-usap sa mga Tagalog ispiker.

Figyur 5



Ang Figyur 5 ay isang pagbubuo sa proseso ng Koinization upang mabuo ang isang Koiné. Makikita na dumadanas ng iba't ibang pamamaraan (mixing, leveling at simplification) ang mga wika sapagkat ang mga wika sa daigdig ay buhay at patuloy na nagbabago gayundin ang mga wika sa Pilipinas.

Nagpapatunay lamang ito na totoong nag *cewolve* ang mga wikang ito sa pagdaan ng panahon lalo pa't dumarami at lumalawak ang pagkakagamit nito. Tulad na lamang sa malawakang paggamit ng Filipino sa pamahalaan para sa higit na pagkakaintindihan ng pinuno sa kanyang pinamumunuan. Maging sa paggamit ng mga di-Tagalog ng wikang Filipino sa kanilang pakikipag-ugnayan sa loob o di kaya'y sa labas ng Maynila. At hindi maitatangging sa mga danas na

ito ay manganganak ng bagong anyo o ng bagong varayti kapag ginamit ang isang wika sa ibang setting at konteksto. Sali nga ni Bernardo, *Indeed, new language forms may emerge more quickly and new meanings and understandings might be explored and advanced (nasa: Tapaz, 2007:16)*. Dagdag pa rito, ang mga natuklasang salita na lumitaw sa pakikipagtalastasan ay magkakaroon din ng bagong kahulugan at manganganak ng mga bagong ideya batay sa gamit nito sa kasalukuyang panahon. Wika nga ni Renato Constantino (nasa: KWF, 2009: 63) na *“Panahon na upang magpakadulabhasa sa Filipino, ang pahalandsan ng lumay na kapaki-pakinabang na edukasyon, dahil ito ay paraan hindi lamang nang pagtamo at paggamit ng mga mahahalagang kaulanan kungdi pagtangkilik sa pambansang pagkakaisa.*

Samakatuwid, ang iba pang mga wika sa Pilipinas tulad na lamang ng Sebuwano Mindanawon ay nagsisikap na abutin at ipalaganap ang paggamit ng wikang pambansa – Filipino tungo sa pagtatanghal nito sa nagbabagong panahon. Hindi man perpekto ang pagkakagamit nito batay sa mga tuntuning inihain ng kanya-kanyang sangay ng gobyernong namamahala sa pagpapaligid nito, subalit makikita naman na nakikiayon ang Sebuwano Mindanawon sa kung ano ang nararapat at luma para lamang maitampok sa patuluyang paggamit ng wikang Filipino. Pagpapaliwanag pa ni de Quiros (2003:31) *“ang wika ay isang buhay na bagay. Tumutubo ang wika mula sa puso ng isang bayan. Sumususo ang wika sa pambansang kasaysayan at karanasan.”* At sa aplikasyon nito sa gawaing pangwika ng bansa ay pagpapayaman ito ng leksikon para sa malawakang gamit ng Filipino sa iba’t ibang domeyn o larangang pangwika – gobyerno, batas, edukasyon, komersyo, mas midya, at iba pa (Santos et al. 2009:81).

KONGKLUSYON

Sa pangkalahatan, masasalang ang pagtatampok ng mga salita mula sa iba-ibang rehiyon partikular ang wika ng mga Mindanawon ay nakatutulong sa lalong pagliwanag kung ano nga ba ang Filipino at kung paanong maging kalahagi ang bagong varayti na ito sa elaborasyon ng wikang Filipino. Totoo nga ang ipinahayag ni Corza (2013:viii) na sa masalimuot na sitwasyon, laging maipagpapasalamat ang pagkakaroon ng Filipino bilang wikang pinagtatagpuan ng lahat ng mamamayan mula sa iba’t ibang rehiyon ng luong kapuluan. Gayunpaman, isang katotohanan din na ang paglahok sa mga salitang ito ay hindi lamang upang isama sila sa Filipino at paramihin ang bokabularyo ng Filipino, bagkus nangangailangan pa ito ng pagsusuri, pag-aaral at ibayo pang pagkilala upang maging bahagi sa estabilisadong mga salita ng pambansang wika. Nakatutulong din ito upang maging hakbang sa paglinang ng wika ng isang lugar gayundin ang kulturang pambansa.

Sa gayong kalagayan, mahalagang magkaroon pa ng iba pang paghalungkat ng mga salita, pag-aaral at pagpapakilala, hindi lamang upang katawanin ang tiyak na kultura ng isang lipunan kundi higit upang makita ang pangkalahatang gamit ng mga ita at nang magkaroon din ng pangkalahatang pagpapakahulugan at magamit nang pangkalahatang Pilipino. Dahil dito, matutukoy at maunawaang lubos ang tunay na katangian ng wikang Filipino bilang wikang pambansa. Gayundin ang pagpapatunay at pag-aangkop nito na hindi lamang umiikot at nakakulong ang pambansang wika sa wikang Tagalog kundi maitatanghal din ang fleksibilidad nitong makibagay lalong lalo na sa iba pang mga wika at diyalekto sa Pilipinas.

MGA REPERENSYA

- Alvarado, E. T., Bacalla, L. A. & Largo, R. C. (2018). *Varayti ng wikang Sugbuanong Binisaya sa Hilagang Cebu. Global Journal of Human-Social Science: C Sociology & Culture, Volume 18 (1)*, p. 15-30
- Bacalla, L. A. (2020) Wikang Tagalog at Wikang Sebuwano: Morpo-Analisis na Pag-aaral. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research Vol. 8 No.1*, p. 65-75
- Bailey, C. J.N. (1973). *Variation and linguistic theory*. NY: Center for Applied Linguistics.
- Chow, J. (2013, May 23). Language Contact. *Baking a Mixed Language: A Case Study on Koincization*. Retrieved from <https://sites.google.com/site/hongkonglinguistics/Downhome/Topic4/%E2%80%99Cbakingamixedlanguage%E2%80%9D%E2%80%93acasestudyonkoincization>
- Constantino, P. C. (2005). *Riserts at iskolarsyip sa pagpaplanong pangwika: adyenda sa bagong milenyum* Constantino P. C. (Patnugot). *Filipino at pagpaplanong pangwika Ikalawang source book ng SANGGII*. (pp. 23-31). UP-Diliman: SWF.
- Coroza, M. M. (2013). *Ambagan 2013. Mga salita mula sa iba't ibang wika sa Pilipinas*. UP-Diliman Press: Quezon City.

- Crowley, T. (1998). *An introduction to historical linguistics*. 3rd Ed. New York: Oxford University Press.
- Darwin, C. (1996). Mental powers from descent of man (1871), chap. 2. Harris Ray & Pyle Andrew (Eds.). *The origin of language* (pp. 140-146). England: Thoemmes Press.
- de Quiros, C. (2003). *Ang Kapangyarihan ng Wika, ang Wika ng Kapangyarihan*. Santos, Benilda S. ang Wikang Filipino sa Loob at Labas ng Akademya't Bansa. Unang Sourcebook ng SANGFIL, 1994-2001. pp. 28-33.
- Gabay sa Ortograpiyang Filipino*. Mga Siniping Kataga Mula sa mga Mahahalagang Tao. (2009). Manila: Komisyon sa Wikang Filipino.
- Lacar, L. Q. K.: The Impact of Infrastructure Development and Armed Conflict in the Economic Life of a Mindanao Community. *The Journal of History*, Vol. XXXII Nos. 1-2 Jan Dec, 1987 & Vol. XXXIII Nos. 1-2 Jan Dec, 1988.
- Malicsi, J. C. (2019). *Grammar ng Filipino*. UP-Diliman, Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino.
- Mangahis, J. C., Nuncio R. V. & Javillo C. M. (2008). *Komunikasyon sa Akademikong Filipino: Batayang aklat sa Filipino I*. New Ed. Quezon City: C&E Publishing, Inc.
- Otero, M. R. (1995). *Verbal Allixes of Varieties of Filipino in Dialect Contact Situations: Towards A Filipino Koiné*. Hindi limbag na Tesis Disertasyon. University of the Philippines: Diliman, Quezon City.
- Paz, C. J. (2005). *Ang Wikang Filipino Atin ito*. Diliman, Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino.
- Paz, C. J., Hernandez, V. V. & Peneyra, I. U. (2010). *Ang pag-aaral ng wika*. UP-Diliman Press: Quezon City.
- Peregrine, J. M. et al. eds. (2012). *Salindaw: Mga babasahin sa varayti at varyasyon ng Filipino*. UP-Diliman Press: Quezon City.
- Recto, R. G. (2003). Ang Wikang Filipino ay Wika ng Pagbabago, Santos, Benilda S. *Ang Wikang Filipino sa Loob at Labas ng Akademya't Bansa*. Unang Sourcebook ng SANGFIL, 1994-2001. pp. 23-27.

- Santos, A. L., Hufana, N. L. & Magracia, E. B. (2009). *Ang akademikong Filipino sa komunikasyon: tekstbuk-workbuk sa Filipino 1*. Malabon City: Mutya Publishing House.
- Siegel, J. (1985). Koinés and Koineization. *Language in Society*, Vol. 14 No. 3 Sept. 1985. USA: Cambridge University Press. pp. 357-378.
- Tupas, T. R. F. (2007). Back to Class: The Ideological Structure of the Medium of Instruction Debate in the Philippines. Tupas, T. Ruanni F (Palmugot). *(Re) Making Society: The Politics of Language, Discourse, and Identity in the Philippines*. Diliman, Quezon City: The University of the Philippines Press. pp. 61-84.
- Woodward, T. (2001). *Planning lessons and courses: designing sequences of work for the language classroom*. New York: Cambridge University Press.

